

2 Timoteo 3:14-17

Manatili ka sa mga bagay na iyong natutuhan at matatag na pinaniwalaan, yamang nalalaman mo kung kanino ka natuto, at kung paanong mula sa pagkabata ay iyong nalaman ang mga banal na kasulatan na makakapagturo sa iyo tungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus. Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos¹ at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran, upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, nasasangkapang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti. (Ang Biblia)

Panimula (5 mins)

1. Kung ikukumpara mo sa mga nakaraang panahon, ngayon ba ay nagiging mas masunurin ang mga tao sa awtoridad (bata sa magulang, mamamayan sa gobyerno) o mas lumalala ang pagsuway? Sa tingin mo, mas gusto ba ng tao na may nagsasabi sa kanya kung ano ang gagawin niya o paniniwalaan o mas gusto niyang sarili ang sinusunod?

Tulay sa Pagsasaliksik: Ayon sa 2 Timoteo 3:1-5, darating ang panahon (at alam nating nangyayari na ngayon) na lalala ang kasamaan ng tao dahil sa pagsuway nito sa awtoridad ng Diyos at ng kanyang Salita. Nakalulungkot mang isipin, may mga taong nagsasabing Cristiano sila ngunit hindi nakikitang nagpapasakop sa Salita ng Diyos. Ngayon ay pag-aaralan natin ang awtoridad ng Bibliya bilang Salita ng Diyos at aalamin kung ano ang implikasyon nito sa buhay natin bilang mga Cristiano.

Pagsasaliksik (25-30 mins)

2. Ano ang tagubilin ni Pablo para kay Timoteo sa 2 Timoteo 3:14? Ano ang dapat niyang maging kaibahan sa mga taong nabanggit niya sa mga naunang talata?
3. Nagpapasakop ba si Timoteo sa awtoridad sa kanyang buhay (v. 10 at vv. 14-15)? Ano sa tingin mo ang mangyayari kung hindi siya magpapatuloy sa mga aral na natutunan niya mula sa kanyang ina at lola (1:5) at mula kay Pablo (3:10).

¹ Ang literal na salin ng *theopneustos* ay “ihininga ng Diyos” o “God-breathed” (ESV).

4. Saan nanggaling ang mga itinuturo ni Pablo (Gal. 1:11-12) at ng kanyang ina at lola (2 Tim. 3:15)? Ano ang kahalagahan ng Kasulatan (Biblia) sa pagpapatuloy ni Timoteo sa pananampalataya?

5. Verse 16, “Ang lahat ng kasulatan ay kinasihan (o ihininga) ng Diyos...” Ang Bibliya ba ay sulat lamang ng tao? O sulat lamang ng Diyos? O sulat ng tao at ng Diyos?

6. Kung ang Bibliya ay sulat ng iba’t ibang tao, paano ito naging salitang galing sa bibig ng Diyos? Tingnan ang 2 Peter 1:20-21.

7. Magbigay pa ng ilang mga dahilan kung bakit natin pinaniniwalaan na ang Bibliya ay Salita ng Diyos.

8. Ayon sa Isaiah 66:2, 5 at Psalm 119:162, ano ang dapat na tugon natin sa Salita ng Diyos? Paano natin gagawin ito?

Pagsasabuhay (15 mins)

9. Naniniwala ka ba na ang Bibliya ay Salita ng Diyos? Kung hindi, ano ang humahadlang sa iyo para paniwalaan ito? Kung oo, sa paanong paraan taliwas (o hindi consistent) ang paniniwala mo sa pagtrato mo sa Bibliya (halimbawa, hindi pagbabasa)?

10. Ano ang sinasabi sa iyo ngayon ng Diyos na gawin mo sa susunod na mga araw upang maipakita mo ang pagkilala mo sa awtoridad ng kanyang mga salita sa Bibliya?

By Pastor Derick Parfan
September 6, 2009

Humahanga ako kung paanong ang mga salita sa Bibliya, isinulat 3,400 hanggang 2,000 taon na ang nakalilipas, ay sumasalamin sa mga nangyayari ngayon. Kaya naman, hindi basta-basta puwedeng balewalain ng mga tao ngayon ang nakasulat dito nang hindi sinusuri ang katotohanan nito. Ngunit maraming tao ang hindi kumikilala ang awtoridad nito, ebidensiya nito ang klase ng pamumuhay nila. Gaya na lamang ng sinabi ni Pablo kay Timoteo sa kanyang ikalawang sulat, habang siya ay nasa kulungan at naghihintay na ng kanyang nalalapit na kamatayan.

...sa mga huling araw ay darating ang mga panahon ng kapighatian. (Bakit?) Sapagkat ang mga tao'y magiging *maibigin sa kanilang sarili* (sarili na ang nasusunod at mga hilig nito), maibigin sa salapi (ang buhay ay kontrolado ng pera at kayamanan), mayayabang (kaya't ayaw sumunod sa awtoridad), mga mapagmalaki, mapanlait, suwail sa mga magulang (hindi kinikilala ang awtoridad ng magulang, gayundin sa pamahalaan)...matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan sa halip na mga maibigin sa Diyos na may anyo ng kabanalan, ngunit *tinatangozhan ang kapangyarihan nito*. Lumayo ka rin naman sa mga ito (3:1-5).

Paalala ito kay Timoteo na lumayo sa ganitong klaseng masamang impluwensya. Then, Paul praised Timothy because he was different from these kind of people. Timothy recognized and submitted to authority. Sa kaso niya, kinikilala niya ang authority ni Pablo, kaya sinusunod niya ito. "You, however, have followed my teaching, my conduct, my aim in life, my faith, my patience, my love, my steadfastness" (3:10). Hindi ito madali dahil sa mga pag-uusig na harharapin niya, ngunit alam niyang kailangan. Kailangan upang magpatuloy sa pananampalataya at hindi magaya sa mga taong lumayo na. Bilang ama sa pananampalataya, sinusunod ni Timoteo ang mga salita at halimbawa ni apostol Pablo. "Yan ay pagkilala sa authority.

Ngunit hindi kay Pablo nagsimula ang pagkilala ni Timoteo sa awtoridad sa buhay niya. Salungat sa gawain ng mga masasama na hindi kumikilala sa awtoridad ng Diyos at ng kanyang mga salita, sabi niya kay Timoteo:

Manatili ka sa mga bagay na iyong natutuhan at matatag na pinaniwalaan, (sa anong batayan?) yamang nalalaman mo kung kanino ka natuto, at kung paanong mula sa pagkabata ay iyong nalaman ang mga banal na kasulatan na makakapagturo sa iyo tungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus (3:14-15).

Kanino siya natuto? Totoong tinuruan siya ni Pablo. Ngunit bago pa 'yun at mula pa sa kanyang pagkabata ay tinuruan na siya ng kanyang ina na si Eunice (ang kanyang ama ay isang Griyego) at lolang si Lois (1:5). Alam niyang dapat siyang magpatuloy sa sinimulan niya bilang pagkilala sa mga nagturo sa kanya – si Pablo, si Eunice, at si Lois.

The Word of God has Absolute Authority

Ngunit ang awtoridad na kinikilala dito ay hindi ang tao kundi ang Diyos. Bakit? Ano ba ang itinuro ng kanyang ina at lola? Hindi ba't ang "banal na kasulatan" (Old Testament natin ngayon) na naghanda sa kanya tungo sa kaligtasan kay Cristo? Ano ba ang mga salitang itinuro ni Pablo? Hindi ba't bilang apostol ay nagsasalita ang Diyos sa pamamagitan niya? "For I would have you know, brothers, that the gospel that was preached by me is not man's gospel. For I did not receive it from any man, nor was I taught it, but *I received it through a revelation of Jesus Christ*" (Gal. 1:11-12). Si Timoteo ay nagpapatuloy dahil alam niya at kinikilala niya at nagpapasakop siya sa awtoridad sa kanyang buhay – ang Salita ng Diyos. *The Word of God has absolute authority*

Ang "Salita ng Diyos" ay maaaring tumukoy sa mga salitang direktang nanggaling sa bibig ng Diyos. Halimbawa nito ay ang Sampung Utos (Ex. 20:1-17). Ngunit ito ay karaniwang tumutukoy sa mensahe ng Diyos sa pamamagitan ng mga tao na kanyang piniling maging instrumento upang maghatid ng kanyang salita sa ibang tao. Halimbawa nito ay ang mga propeta at mga apostol. Sa panahon natin ngayon ang tinutukoy na Salita ng Diyos ay ang nakasulat na 66 aklat ng Luma at Bagong Tipan ng Bibliya. Ito ang awtoridad ng mga Cristiano dahil ito ang Salita ng Diyos. God speaks; and God speaks primarily through the Bible – the written Word of God.

I fear and grieve that many who call themselves Christians have a diminishing recognition of the authority of the Bible to govern the way they think, act, and relate to God and to others. Makikita ito sa liit ng oras na inilalaan ng marami sa pagbabasa ng Bibliya. Sa isang survey sa America, 72% ang naniniwalang ang Bibliya ay Salita ng Diyos ngunit 12% lang ang nagbabasa nito araw-araw. Karamihan, inaalalikabukan na ang Bible sa bahay. Makikita rin ito sa paraan ng pagdedesisyon ng mga tao. We make unwise, unbiblical decisions. Padalus-dalos minsan at hindi kumukunsulta sa Salita ng Diyos. Makikita din ito kung paano palakihin ng mga magulang ang kanilang mga anak, na hindi itinuturo sa bata ang pagsunod sa authority ng Word of God. At siyempre, sa tuwing nilalabag natin ang utos sa Bibliya, kulang ang pagkilala natin sa authority nito.

Alam ni Pablo ang kahalagahan para kay Timoteo na alamin kung ano o sino ang may awtoridad sa kanyang buhay. Mahalaga ito kaya dapat siyang magpatuloy sa mga nasimulan niya sa pananampalataya, upang hindi siya matulad sa mga "masasamang tao at mga mandaraya" (v. 13). Kaya naman dinugtong niya pagkatapos paalalahanan na magpatuloy sa natutuhan niya ang isa sa napakalaking

dahilan – ang Salita ng Diyos: “Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran, upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, nasasangkapang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti” (3:16-17).

Pag-aaralan natin ang tekstong ito hanggang sa susunod na Linggo. Ngayon ay pagtutuunan natin ng pansin ang kahulugan ng awtoridad ng Bibliya sa buhay ng isang Cristiano at ang implikasyon nito sa pagtrato natin dito (*God Speaks: The Authority of the Bible as the Word of God*). Sa susunod na Linggo ay titingnan natin na isang dahilan kung bakit tayo dapat pasakop sa awtoridad nito ay dahil sa kapangyarihan nitong bumago sa buhay natin tungo sa disenyo ng Diyos para sa ating kanyang mga anak na maging katulad tayo ng kanyang nag-iisang Anak (*God Shapes: The Transforming Power of the Word of God*). Pagkatapos noon ay ipagdiriwang natin ang ating 23rd Anniversary na may temang *Move Forward*.

Move forward. Ito ang habilin ni Pablo nang malapit na siyang bitayin habang siya’y nasa kulungan, “Continue...” o “magpatuloy ka” (MBB). Ang kahulugan ng literal na “manatili” o “remain” ay hindi lang hindi gumalaw kundi magpatuloy sa daang nilalakaran na. Huwag aatras, huwag hihinto, huwag liliko. Magpatuloy sa pinaniniwalaan at sinusunod. The Bible has a crucial and indispensable part in his continuing in faith and ministry. Binanggit niya ang tungkol sa “sacred writings” at “Scriptures” at ang kahalagahan nito sa kanyang buhay. His response to the written Word of God is crucial. It is not different in our case.

One of the reasons people don’t treat the Bible the way they ought to is because they do not understand what it really is. They don’t know why this Book have such absolute authority in the life of the Christian. What is the Bible? Why must we submit to its absolute authority to govern our life?

The Bible is the Word of God

The Bible is the Word of God. Naniniwala si Pablo at si Timoteo na ang natutunanan nila ay ang “*banal na kasulatan*” o “*sacred writings*” (v. 14). Ito ang isa sa mga tawag nila sa Old Testament natin ngayon. Naniniwala silang ito’y hindi lamang mula sa tao, kundi mula sa Diyos kaya nga banal o sacred. Ngunit mas malinaw na makikita ito sa sinabi niya sa v. 16, “All Scripture is *breathed out by God*.” Ang “breathed out by God” sa NIV ay *God-breathed*, sa NASB at KJV ay *inspired*, sa Tagalog ay *kinasihan*. Ito ay galing sa salitang Griyego na dito lang ginamit, *theopneustos*, na galing naman sa mga salitang *theos* (God) at *pneuma* (spirit, wind, breathe). Ibig sabihin, ang Kasulatan ay hindi lang galing sa tao bagamat 40 iba’t ibang tao ang nagsulat nito. Ito ay hiningahan ng Diyos. Galing sa bibig ng Diyos. Nagmula sa Diyos. It has a divine origin. It came into being through the creative work of God. Sa gayon, lahat ng nakasulat dito ay ang mga salitang nais ng Diyos na malaman natin.

Paano ito naging Salita ng Diyos kung alam naman nating isinulat din ito ng tao? Paano tayo magkakaroon ng kumpiyansa na hindi ito magkakamali? There are

many reasons but I don’t have time now to discuss all those reasons. Mahirap ipaliwanag kung paano nangyaring ito ay Salita ng Diyos gayong ito ay isinulat ng mga tao, gaya ni Cristo na tunay na Diyos at tunay na tao. Ngunit ang Bibliya mismo ang nagpapahayag kung paanong ang Diyos ay kumilos sa mga nagsulat para gabayan ang kanilang isip at kamay sa pagsulat (ngunit hindi diktahan, bagamat ang iba ay idinikta ng Diyos) upang tiyaking lahay ng nasulat ay kung ano ang nais niyang masulat. “... no prophecy of Scripture comes from someone’s own interpretation. For no prophecy was ever produced by the will of man, but *men spoke from God as they were carried along by the Holy Spirit*” (2 Pet. 1:20-21). The 66 books of the Bible were written by men as they “spoke from God” and “carried along” tulad ng isang bangka ginagabayan ng direksiyon ng hangin sa paglalayag. God speaks through the authors of the Bible.

Hindi lamang ilan sa mga nakasulat sa Bibliya ang maituturing na Salita ng Diyos, kundi lahat ng salitang nakasulat dito at ang kabuuan nito. “All Scripture is breathed out by God.” Totoo ngang sa panahon ni Pablo ang karaniwang tinutukoy dito ay ang buong Old Testament – 39 books. Paano naman ang New Testament? Bagamat hindi pa ito kumpleto, makikita natin na sa panahong ito, maging ang mga sulat ni Pablo ay tinatawag na “Kasulatan” o “Scripture” – on the same level as the Old Testament, equally the Word of God. Si Pedro mismo ang kumikilala na ito ay isa sa mga Kasulatan (2 Pet. 3:15-16, “sa ibang kasulatan”). “...nang inyong tanggapin ang salita ng Diyos na inyong narinig sa amin ay inyong tinanggap iyon *hindi bilang salita ng mga tao*, kundi, ayon sa katotohanan, ay *bilang salita ng Diyos*, na gumagawa naman sa inyo na sumasampalataya” (1 Thess. 2:13). So, the Bible – 39 books of the OT and 26 books of the NT – is the *Word of God*.

The Bible – the Written Word – has Absolute Authority

If the Bible is the Word of God, then it carries with it the authority of God. It has absolute authority Wayne Grudem defines the Bible’s authority this way, “The authority of Scripture means that all the words in Scripture are God’s words in such a way that to disbelieve or disobey any word of Scripture is to disbelieve or disobey God.”² Sabi ni propeta Natan kay David matapos siyang magkasala laban kay Bathseba (adultery) at sa asawa nitong si Uriah (murder).

Bakit mo *hinamak ang salita ng Panginoon* upang gumawa ng masama sa kanyang paningin? Tinaga mo ng tabak si Urias na Heteo, at kinuha mo ang kanyang asawa upang maging iyong asawa, at pinaslang mo siya sa pamamagitan ng tabak ng mga Ammonita. Kaya ngayon ay hindi hihiwalay kailanman ang tabak sa iyong sambahayan; sapagkat *hinamak mo ako*, at kinuha mo ang

² Wayne A. Grudem, *Systematic Theology: An Introduction to Biblical Doctrine* (Leicester, England; Grand Rapids: Inter-Varsity; Zondervan, 1994), 73.

asawa ni Urias na Heteo upang maging iyong asawa (2 Samuel 12:9-10).

Kung hinahamak natin ang Salita ng Diyos, na sa panahon natin ay ang nakasulat na Bibliya, hinahamak din natin ang Diyos. Kung hindi susunod sa salita ng Bibliya, hindi din sumusunod sa Diyos. Kung hindi maniniwala dito, hindi din naniniwala sa Diyos. How we treat the Bible is how we treat God. Disrespect it, and you disrespect God. You neglect it, and you neglect God. Consider how great its implications are!

We must Respond to the Bible's Absolute Authority

Kung ang Bibliya ang Salita ng Diyos, at mayroong awtoridad sa buhay natin, dapat tayong magkaroon ng mga major adjustments sa buhay natin. What is the implication of the authority of the Bible as the Word of God in our life?

Know the Word

First, we must *know the Word* – alamin, pakinggan, basahin. Kung nagsalita ang Diyos, ang lumikha sa atin at tumubos sa ating mga kasalanan, hindi ba't gugustuhin nating malaman ang kanyang sinasabi? Kung buong Bibliya ay Salita ng Diyos (Psa. 119:60; Prov. 30:5), dapat tayong magkaroon ng disiplina na basahin ito mula Genesis hanggang Revelation. At kung bawat salita dito ay galing sa Diyos, dapat nating bigyang atensiyon ang mga ito, hindi lang basta-basta basahin. Hard? Maybe not if we will discipline ourselves. Ayon kay Roy Zuck, kailangan lang natin ng 72 hours 40 minutes (3 days out of 365!) para basahin ang buong Bibliya. Katumbas lang ito ng 12 hours sa isang araw upang sa loob ng isang taon ay matapos natin ito.

It is not too late for us to start now. Isang taga-Kenya ang namatay noong nakaraang buwan na ang pangalan ay Joseph Stephen Kimani Nganga (un-GAH-un-GAH) Maruge (ma-ROO-gay). Sa edad na 89, siya ang nakatala sa Guinness Book of Records na pinakamatandang estudyante. Five years ago nang siya'y magsimulang mag-aral kasi gusto niyang matutong magbasa. At ang dahilan – upang matuto niyang basahin ang Biblia! That's his biggest goal in life.³ Wow! Isipin ninyo ang isang 89-taong gulang na pumupunta sa eskuwelahan at nag-aaral! Ganyan ba ang hangarin nating malaman ang Salita ng Diyos?

Tremble and Rejoice at the Word

Second, we must *tremble at the word*. "...this is the one to whom I will look: he who is humble and contrite in spirit and *trembles at my word*" (Isa. 66:2; cf. v. 5; Ezra10:3). Ang salitang *harad* ay ginamit din sa pagyanig ng lupa na tulad ng isang lindol. The

³ <http://www.gmanews.tv/story/170048/Kenyan-believed-to-be-worlds-oldest-pupil-dies>

idea here is that of awe, reverence, and deep respect. Kung ito nga naman ay Salita ng Diyos, ang Diyos na kapag nagsalita ay talagang kayang yanigin ang buong mundo, hindi ba dapat na kapag naririnig natin ito ay may pangininginig sa atin? Yet many people do not show respect to the Word of God!

Ngunit hindi lang pangininginig kundi pagkagalak din. Not just trembling but also rejoicing. We can call it, probably, *trembling joy*. "I rejoice at your word like one who finds great spoil" (Psa. 119:162). It is approaching the word of God like you would a diamond found while walking on the street. There is trembling. But there is also joy. Kasi naririnig nating nagsasalita ang Diyos at ipinapahayag ang kanyang kabutihan kay Cristo. If we know that the Bible is the Word of the awesome and great and gracious God – we will tremble and rejoice. Do we have this attitude?

Submit to the Word and Preach the Word.

Bukod sa *know the Word* at *tremble and rejoice at the Word*, may dalawa pa ngunit hindi natin tatalakayin ngayon kundi sa susunod pa. Ang pangatlo ay *submit to the Word*. Ang ibig sabihin, ipailalim natin ang sarili natin sa awtoridad nito. We let it govern our lives. We let it shape the way we think and live and act. Kung Salita ito ng Diyos, hindi mo ba hahayaan na siya ang kumilos sa buhay mo para gawin kung ano ang sa tingin niyang mabuti at nararapat? That's for next week. *God Shapes: The Transforming Power of the Word of God*. Ang pang-apat ay *preach the Word*. Kung may awtoridad ito at may kapangyarihang bumago sa buhay ng tao, hahayaan ba nating tayo lang ang nakakaalam? Hindi ba't isisigaw natin ito sa maraming tao? This will be after we celebrate our anniversary, first Sunday of October. *Preach the Word*.

A.W. Pink ends his book *The Divine Inspiration of the Bible*.

When Sir Walter Scott lay dying he summoned to his side his man in waiting and said, "Read to me out of the Book." Which book? answered his servant. "There is only one Book," was the dying man's response—"The Bible!" The Bible is the Book to live by and the Book to die by. Therefore read it to be wise, believe it to be safe, practice it to be holy. As another has said: "Know it in the head, store it in the heart, show it in the life, sow it in the world."⁴

If we really believe that the Bible is the Word of God, God himself speaking, we must do the same. If we don't we really don't believe that the Bible is the Word of God.

⁴ Arthur Walkington Pink, *The Divine Inspiration of the Bible*.